# Public Charge

Alameda County
**Social Services Agency**

Bagong Panuntunan na Magbibigay ng Proteksyon sa Mga Imigranteng Pamilya
Ano ang Kailangan Mong Malaman



## Ano ang Ibig Sabihin Nito sa Aking Pamilya?

- Kung kwalipikado ka, maaari mong suportahan ang iyong pamilya sa pamamagitan ng tulong na pampubliko para matiyak na ikaw at ang iyong mga anak, asawa, at mga magulang ay malusog, nakakakain, at ligtas sa iyong bahay.
- Hindi binabago ng panuntunan na ito ang pagiging kwalipikadong tumanggap ng tulong o mga serbisyong pampubliko.
- Ang impormasyong ibinigay para mag-apply ng mga benepisyong pampubliko ay kumpidensyal at ginagamit LANG para malaman ang pagiging kwalipikado. Hindi ina-access ng pederal na pamahalaan ang mga sistema ng benepisyong pampubliko para sa pagpapatupad ng imigrasyon.
- Huwag mong hayaang pigilan ka ng takot mo sa iyong katayuan sa imigrasyon na humingi ng tulong. Mayroong mga serbisyo para sa mga indibiduwal numan ang kanilang katayuan.

## Paano Maa-access ang mga Serbisyo

Mag-apply online sa **mybenefitscalwin.org** o **www.coveredca.com**

Tumawag sa **510-272-3663** para mag-apply sa pamamagitan ng telepono o humingi ng application na ipapadala sa koreo
Bisitahin ang tanggapan ng Alameda County Social Services para personal na mag-apply

Noong Setyembre 2022, naglabas ng bagong regulasyon ang Kagawaran ng Homeland Scurity (Department of Homeland Security, DHS) ng Estados Unidos na **opisyal na nagbabaliktad** sa mapaminsalang panuntunan ng Public Charge na itinatag ng nakaraang administrasyon ng White House. Tinitiyak ng bagong regulasyon na ang mga komunidad ng imigrante ay mayroong karapatang:

Mag-apply para sa at tumanggap ng karamihan ng mga benepisyong pampubliko na kwalipikado silang matanggap nang **hindi** maaapektuhan ang kanilang katayuan sa imigrasyon sa kasalukuyan o sa hinaharap, kabilang ang:

- Access sa Pangangalagang Pangmedikal
  - Medi-Cal para sa mga Bata, Nasa Hustong Gulang, at Matatanda
  - Covered California
  - Mga Bakuna, Pagsusuri, Paggamot para sa COVID
  - Panandaliang Pangangalaga para sa Rehabilitasyon
  - Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad
- Tulong sa Pagkain
  - CalFresh
  - Ang Espesyal na Programa ng Karagdagang Nutrisyon para sa Mga Babae, Sanggol at Bata (Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants & Children, WIC)
  - Mga Pagkain sa Paaralan
- Tulong sa Pabahay
  - Section 8 na Tulong sa Pag-upa
  - Pampublikong Pabahay
- Tulong sa Trabaho
  - Walang Trabaho
  - Kapansanan
  - Bayad sa Manggagawa
  - Mga Job Center ng Batas sa Inobasyon at Oportunidad ng mga Manggagawa (Workforce Innovation and Opportunity Act, WIOA)
  - Pagreretiro sa Pederal at Estado
  - Tax Credit sa Kinita (Earned Income Tax Credit, EITC) o Tax Credit sa Bata

# Public Charge

Alameda County
**Social Services Agency**

Bagong Panuntunan na Magbibigay ng Proteksyon sa Mga Imigranteng Pamilya
Ano ang Kailangan Mong Malaman



### Ano ang Ibig Sabihin Nito sa Aking Pamilya?

- Kung kwalipikado ka, maaari mong suportahan ang iyong pamilya sa pamamagitan ng tulong na pampubliko para matiyak na ikaw at ang iyong mga anak, asawa, at mga magulang ay malusog, nakakakain, at ligtas sa iyong bahay.
- Hindi binabago ng panuntunan na ito ang pagiging kwalipikadong tumanggap ng tulong o mga serbisyong pampubliko.
- Ang impormasyong ibinigay para mag-apply ng mga benepisyong pampubliko ay kumpidensyal at ginagamit LANG para malaman ang pagiging kwalipikado. Hindi ina-access ng pederal na pamahalaan ang mga sistema ng benepisyong pampubliko para sa pagpapatupad ng imigrasyon.
- Huwag mong hayaang pigilan ka ng takot mo sa iyong katayuan sa imigrasyon na humingi ng tulong. Mayroong mga serbisyo para sa mga indibiduwal numan ang kanilang katayuan.

### Paano Maa-access ang mga Serbisyo

Mag-apply online sa **mybenefitscalwin.org** o **www.coveredca.com**

Tumawag sa **510-272-3663** para mag-apply sa pamamagitan ng telepono o humingi ng application na ipapadala sa koreo
Bisitahin ang tanggapan ng Alameda County Social Services para personal na mag-apply

- Mga Pederal, Pang-estado at Lokal na Benepisyong Hindi Salapi
    - Season of Sharing (SOS)
    - Tulong para sa Pandemya
    - Tulong sa mga Beterano
    - Programa ng Tulong sa Kuryente sa Bahay para sa Mababa ang Kita (Low Income Home Energy Assistance Program, LIHEAP)
    - Programa para sa Abot-kayang Koneksyon

# Public Charge

Alameda County
Social Services Agency

Bagong Panuntunan na Magbibigay ng Proteksyon sa Mga Imigranteng Pamilya

Nililinaw ng bagong regulasyon ng DHS na nangyayari lang ang pag-assess ng Public Charge kapag nag-apply ang isang tao para sa Lawful Permanent Residency (LPR o "Green Card") o kapag pumpasok sa bansa. Ang ilang imigrante ay hindi kasama sa pagsusuri ng Public Charge, kabilang ang:

- Mamamayan ng Estados Unidos (o aplikante)
- Mga Lawful Permanent Resident (LPR)
- Refugee, Asylee, o TPS (o aplikante)
- Espesyal na Immigrant Visa para sa Afghan o Iraqi
- Espesyal na Imigranteng Kabataan o VAWA na Nagpe-petition sa Sarili
- T o U Visa Status (o aplikante)

Ang pagsusuri ng Public Charge ay **HINDI** isinasaalang-alang ang iyong application o pagtanggap ng mga benepisyong pampubliko para sa iyong anak o sinumang iba pang kwalipikadong miyembro ng sambahayan.

Kung mag-a-apply ka para sa LPR o papasok sa bansa, ang isinasaalang-alang na **mga programa lang** sa ilalim ng pagsusuri ng Public Charge ay ang:

- Mga programa ng tulong na salapi (cash assistance), tulad ng CalWORKs, Pangkalahatang Tulong (General Assistance, GA), at Karagdagang Security Income (Supplemental Security Income, SSI)
- Pangmatagalang pangangalaga sa institusyon na binabayaran ng Medi-Cal

Kahit na gumagamit ka ng mga benepisyong ito, ang iba pang salik – tulad ng apidabit ng suporta, ang iyong edukasyon at mga kakayahan, kita, at kung gaano katagal natanggap ang benepisyo at kung gaano kabago – ay isasaalang-alang sa panahon ng pagpapasya para sa Public Charge.



## Naghahanap ka ba ng Gabay sa Indibiduwal?

Hinihikayat ng Social Services Agency ang mga indibiduwal at pamilya na humingi ng payo mula sa mga respetadong non-profit na nagbibigay ng serbisyo tungkol sa imigrasyon. Hindi maaaring magbigay ng legal na gabay ang kawani ng SSA. Para makatanggap ng gabay sa iyong indibiduwal na sitwasyon, mangyaring kontakin ang:

- Asian Pacific Islander Legal Outreach
  (510) 251-2846
- Bay Area Legal Aid
  (800) 551-5554 o (510) 250-5270
- Catholic Charities of the East Bay
  (510) 768-3100
- Centro Legal De La Raza
  (510) 437-1554
- East Bay Community Law Center
  (510) 548-4040

*Ang mga benepisyong nakalista sa Pahina 1 at Mga Hindi Kasamang Katayuan sa Imigrasyon sa Pahina 2 ay hind kumpleto, mangyaring kontakin ang mga serbisyong nakalista sa itaas para makatanggap ng payo sa iyong kaso.

# Public Charge

Alameda County
**Social Services Agency**

Bagong Panuntunan na Magbibigay ng Proteksyon sa Mga Imigranteng Pamilya

Para makahanap ng higit pang impormasyon tungkol sa Public Charge, bisitahin ang:

- Panatilihin ang Iyong Mga Benepisyo (Keep Your Benefits)
- Pagprotekta sa Mga Imigranteng Pamilya (Protecting Immigrant Families)
- Pambansang Sentro para sa Batas tungkol sa Imigrasyon (National Immigration Law Center)
- Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services)
- Mga Mapagkukunan tungkol sa Public Charge ng USCIS



## Naghahanap ka ba ng Gabay sa Indibiduwal?

Hinihikayat ng Social Services Agency ang mga indibiduwal at pamilya na humingi ng payo mula sa mga respetadong non-profit na nagbibigay ng serbisyo tungkol sa imigrasyon. Hindi maaaring magbigay ng legal na gabay ang kawani ng SSA. Para makatanggap ng gabay sa iyong indibiduwal na sitasyon, mangyaring kontakin ang:

- Asian Pacific Islander Legal Outreach
  (510) 251-2846
- Bay Area Legal Aid
  (800) 551-5554 o (510) 250-5270
- Catholic Charities of the East Bay
  (510) 768-3100
- Centro Legal De La Raza
  (510) 437-1554
- East Bay Community Law Center
  (510) 548-4040

*Ang mga benepisyong nakalista sa Pahina 1 at Mga Hindi Kasamang Katayuan sa Imigrasyon sa Pahina 2 ay hind kumpleto, mangyaring kontakin ang mga serbisyong nakalista sa itaas para makatanggap ng payo sa iyong kaso.